

# Chapter One



“**N**aniniwala naman ako sa mga ideas mo, hindi ko lang maiwasang mag-alala, okay? I have to carefully think about this,” mahinahon ang boses ngunit halatang frustrated na sabi ni Hendrix, ang nakatatanda at nag-iisang kapatid ni Harriett, o Hari.

Naroon sila sa private office nito sa eleventh floor ng *NW Corporate Center* sa Bonifacio Global City sa Taguig. Kanina pa roon si Hari at kinukumbinsi ang kapatid na pahiram siya ng two hundred thousand pesos na kapital para sa itatayo niyang food cart business. Noong isang linggo ay naibigay na niya rito ang mga ginawa niyang business proposals at market studies.

Malaki ang tiwala niya sa naisip na negosyo dahil kakaiba iyon at ang alam niya ay wala pa sa Pilipinas. Sariling recipe niya ang sandwich rolls and potato bars na plano niyang ibenta, samantalang ang compact packaging niyon ay nakita niya sa isang Koreanovela. She knew and believed the business would be a hit.

Plano na rin kasi niyang mag-resign sa *Hotshot*, ang pinagtatrabahuhang men’s magazine kung saan siya ang resident stylist, upang tutukan ang

negosyo.

Her brother was the junior vice-president for marketing of *N. W. Properties International*, na mid-rise traveller's inns at resorts spas ang dine-develop sa iba-ibang bansa sa Asya. May anim na taong bumubuo sa team ng kuya niya, at lahat ng iyon ay nakatikim ng sample ng mga pagkaing balak niyang ibenta. Everyone loved it at ang iba nga ay nagsimula nang um-order sa kanya.

Alam ni Hari na natuwa at proud ang kapatid niya na may potensyal na maging successful ang naisip niyang negosyo, ngunit nagdadalawang-isip ito dahil dalawang beses na siyang nagoyo. Ang akala niya ay mapagkakatiwalaan ang mga naging business partners niya, ngunit mga swindlers din pala ang mga ito. The last venture was just over a year ago, at heto nga, gusto niya uling sumubok.

Pero mukhang ang kuya naman niya ang nadala. Hendrix looked torn. He obviously wanted to help her but he was also wary. Kahit twenty-seven na siya ay protective pa rin ito sa kanya dahil pareho silang malayo sa mga magulang na nakabase na sa Mariveles, Bataan.

Taga-Makati ang kanyang kapatid at nasa Marikina siya, at kahit pareho silang busy sa kani-kanyang trabaho ay constantly updated sila sa isa't isa. Their parents never knew she was swindled twice, ang alam lang ng mag-asawa ay hindi naging

successful ang mga naunang business ventures niya. Natatakot kasi silang mag-alala nang husto ang mga magulang dahil kapwa hypertensive ang mga ito.

Thirty pa lang ang Kuya Hendrix niya, ngunit marami na ang naipundar at narating sa buhay. Engaged na rin ito sa maganda at mabait na si Celine na isang doctor. Kahit kailan nito gustuhin ay maaari na itong mag-settle down.

Pakiramdam ni Hari ay siya ang dahilan kung bakit hindi muna nagbabalak magpakasal ang kanyang kapatid. Tila gusto rin muna nitong siguruhin na nasa maayos siyang lagay, stable at wala nang inaalala sa buhay.

“Kuya, this can’t wait. May inihanda na akong timetable para dito. Kung ipagpapaliban pa, baka may mauna nang iba at maapektuhan ang success rate ng concept ko,” pamimilit pa rin ng dalaga. “I’ll do anything, pumayag ka lang, Kuya, please?” Sa kanyang likuran ay pinagkrus niya ang mga daliri.

“I don’t know, Hari. Let me—” Noon biglang tumunog ang intercom nito. “Yes?”

“Sir, this is Trina,” wika ng executive assistant nito, tensyonado rin ang boses. “Xian Pascual called just now. Pabalik na daw siya ng Manila. Hysterical siya, Sir. Nagka-allergy yata sa kung anong kinain niya sa bukid.”

“What!” malakas na sabi ni Hendrix. “Third day

pa lang niya, babalik na agad? May progress naman ba?”

“Hindi nga raw ho niya halos napagkikita si Mr. Eleazar. Palagi daw busy.” Parang maiiyak na si Trina habang nagpapaliwanag.

“Damn, we’re running out of time...” tila nanghihinang saad ng kuya niya. “Please come to the office right now, Miss Rufino.”

Wala pang isang minuto ay nasa opisina na ang executive assistant. Mukhang tensyonado ito.

“Sir, nakita nga ako ni Sir Trevor sa lobby kanina, kinukumusta ang progress ng pakikipag-usap natin kay Mr. Eleazar. Mukhang excited nga at ang s’abi pa, malaki daw ang tiwala niya sa atin,” tila malapit na talagang maiyak na sabi ng babae. Ang tinutukoy nito ay ang guwapo at mabait na Chief Operations Officer ng *NW*, na dalawang taon lang ang tanda kay Hendrix.

Nakatingin lang si Hari sa dalawa. Sino ba ang Mr. Eleazar na iyon at wagas kung mapagdala ng stress? “Kuya? I’m sorry, I didn’t know I came at a bad time...”

Sinulyapan lang siya ng kapatid bago napabuntong-hininga. “We only have six weeks left to get him here. And three months after that, official turnover na.” Napasandal ito sa kinauupuan. “Tatlong consultants na ang ipinadala natin matapos ang pagpunta ni Tommy doon. At

lahat, hindi nagtagal at walang nagawa.”

“Sir, huwag ka namang ganyan, kinakabahan ako lalo, eh,” gustong mag-panic na sabi ni Trina. Namumutla na ito sa pag-aalala.

Napailing lang si Hendrix. “May iba pa bang sinabi si Xian? Ano ba ang nangyari sa kanya?”

“Allergic daw po talaga siya sa alamang, Sir. Pero hindi niya masabi d’un sa mga matatanda dahil nahihiya siya. Mukhang maiinit pa mandin daw ang dugo sa kanya. Eh, iyon yata ang ulam kagabi. Ayun, namamantal ang buong katawan ni Xian,” kuwento ni Trina.

“Wait, mawalang-galang na. Ano ba ang nangyayari at nagkakaganyan kayo?” hindi na makatiis na tanong ni Hari.

Tila napapagod na tiningnan lang siya ni Hendrix. Si Trina ang nagboluntaryong magkuwento sa kanya. “Magre-retire na kasi ’yung Japanese CEO ng *NW*, si Madam Nuriko Inoue Eleazar. Nagkaroon kasi siya ng hip surgery recently at mas gusto na niyang mag-retire at mamuhay nang simple, malayo sa corporate world.

“Filipino ang asawa niya pero namatay na, at ang solong anak naman niya, ewan kung bakit mas gustong magbungkal ng lupa kesa ang pamahalaan ang business empire ng pamilya ng mommy niya.

“Iyon ang ilang buwan na rin naming kinakausap na pumunta na dito sa Manila at

nang masimulan siyang i-train para maihanda siya sa turnover sa October. May na ngayon, pero ang hirap niyang hagilapin at kausapin, 'tapos iyong lolo at lola niya doon pati mga ampon nila, kasabwat pa daw para pahirapan ang mga ipinapadala naming consultants para umalis agad.

“Si Sir Tommy, nakausap na siya. At alam niya ang responsibilidad niya. Before that, of course, he’s already talked to his mom. In fact, kapag fully recovered na si Madam Nuriko, plano niyang tumira sa farm nila sa Bulacan. Kumbaga, palit sila ni Mr. Arevalo. Colin Eleazar, siya ’yung nuknukan ng pakipot na future CEO.”

Nakanganga lang si Hari nang matapos ang kuwento ni Trina, na noon ay hinihilot na ang leeg nito. *Wow! May gan’un talagang pangyayari sa tunay na buhay?* “Anong klaseng mga nilalang ba iyong mga ipinapadala ninyo at ayaw sumama ni Colin?”

Huminga nang malalalim ang kapatid niya. “Corporate communications specialists namin na magagaling ding image consultants. Mr. Eleazar only knew enough about the business, but since he spent most of his life either in a boarding school in London or his father’s farm in Bulacan, he’s really not very CEO-like. I mean, he looks formidable. But that’s just it.

“He talks and behaves like an average joe.

Mahiyain din siya at ilag sa mga tao. Para sa mama lang niya kaya niya tatanggapin ang posisyon. Pero mukhang hanggang kaya pa, gumagawa din siya ng paraan para kahit papaano ay maiparating kay Madam Nuriko na hindi talaga ito ang mundo niya, na kung pupuwede ay ibigay na lang sa isang taong mapagkakatiwalaan ang posisyon. Madam doesn't want to, of course," mahabang turan ng lalaki.

"So nananadya talaga siya, ganoon? At kinakasabwat pa niya ang mga kapamilya niya? Kung di ba naman siya pasaway, bakit hindi na lang niya sabihin nang derecho sa mama niya na ayaw niyang maging CEO?" Hindi man niya kilala ay naiinis na si Hari sa Colin na iyon.

"You don't know the man so don't say that, Hari," anang kuya niya. "Personally, nakuha na nga niya ang respeto namin dahil mas pinili niya ang simple at tahimik na farm life kaysa ang toxic at demanding na chairmanship ng kompanya.

"Colin Eleazar is a very accomplished man, in his own right. *Magna cum laude* siya sa Agriculture sa UPLB. Ipinadala pa siya sa *Oxford University* dahil nakakuha siya ng scholarship to take his masteral studies in Plant Sciences. He got the highest honors when he finished. His organic farm business is also thriving. Naiintindihan naming lahat kung bakit marahil ay hindi niya gustong palitan si Madam Nuriko.

“Pero wala namang choice, wala ring maasahan sa side ni Madam dahil walang may gusto. At dahil si Colin ang rightful heir, sa kanya talaga dapat ibigay ang posisyon. Pumayag na siya, pero up to the last minute siguro, sumusubok kung kaya pa niyang takasan,” mahabang paliwanag ng kuya niya.

“So, nagpapakipot lang siya? Nag-aaksaya ng company resources dahil I’m sure, hindi biro ang ginagastos ninyo sa mga ipinapadala ninyong tao doon. At image consultants talaga? Ano iyon, kailangan niya ng makeover?” natatawang naiinis na turan ng dalaga.

Buwisit na Colin iyon! Dahil sa lalaking iyon ay stressed tuloy ang kuya niya, at napupurnada ang suportang hinihingi niya sa kapatid.

Matamang tiningnan siya ni Trina bago bumaling ito kay Hendrix. “Sir, bakit hindi na lang si Miss Hari ang ipadala natin sa Bulacan? Walang nagawa ang dalawang barako at isang pamintang ipinadala natin, maybe a woman could work wonders this time. At baka naman may iba at mas okay na approach siya dahil styling ang background niya,” seryosong sabi ng babae.

Napatingin tuloy sa kanya ang kapatid.

“Kuya, huwag mo akong tingnan nang ganyan. Stylist ako at hindi image consultant. Wala akong alam sa social graces at kung anumang kailangang



training ng mga future CEOs,” wika kaagad niya.

“Maybe you’re right, Trina.” Hinimas-himas ni Hendrix ang baba nito habang nakatingin sa kanya. Tila may naglalarong kung ano sa utak nito.

And Hari was not liking it. “Kuya, huwag mong sabihing pinag-iisipan mong ipadala ako sa kabukiran?”

Nangunot ang noo ng kapatid. “Lumaki tayo sa kabukiran. Nakikipaghabulan tayo sa mga biik at pato. Sanay tayong kumatay ng manok at magpaligo ng kalabaw, Hari,” wika nito bago may kinuha sa itim na messenger bag nitong nakapatong sa mesa.

Nagpatuloy ito, “The company will pay you well for just a few days of staying in that farm. And didn’t you just say you were willing to do anything so I can loan you the business capital that you need?” Inilabas ng lalaki ang checkbook nito.

Napalunok siya. *Shit! Bakit ba sinabi ko pang willing akong gawin ang kahit ano?* “Pero, Kuya...”

“Marami ka pang leave credits na natitira, hindi ba? Four years ka na sa *Hotshot* at bihira kang magbakasyon.” Hendrix began writing on his checkbook.

“I am giving you the entire amount that you need if you will do this, Hari. Give, like a gift, not loan.” Napangiti ang kuya niya. “Hmm... may pakiramdam akong this time ay magtatagumpay

---

na kaming papuntahin dito si Colin. Alam ko ang kalibre at level ng kakulitan mo, Sis.”



# Chapter Two



Ibinaba at iniwan si Hari ng service van ng *NW* sa entrance ng isang malawak na lupain na matatagpuan sa isang baranggay sa Angat, Bulacan. Isang makitid na daan iyon na kasyang dumaan ang isang truck. Sa magkabilang gilid ay samu't saring mga puno. Maybe a hundred meters down the road, she could see a beautiful Victorian cottage house lined with shrubs and bamboo fences.

Bitbit ang isang malaking backpack at isang gym bag ay binilisan niya ang lakad. Pasado alas diez ng Sabado ng umaga, at lalong papainit ang sikat ng araw. Pinapawisan na siya dahil may kabigatan din ang dala niyang mga bag. Nasa loob kasi ng isang dala niya ang ilang containers ng samples ng kanyang microwaveable sandwich rolls and potato bars bilang pasalubong sa mga Eleazar.

Ang nagpapakaba sa kanya ay ang pamilyang pakikisamahan niya sa loob ng sampung araw. Ang tatlong taong naunang ipinadala ay pawang nagsasabing mukha lang daw harmless ang mga Eleazar, ngunit nasa loob ang kulo.

Hindi kailanman naisip ni Hari na may gagawin siyang katulad nito para lang makuha ang kapital na hinihiram mula sa kanyang kapatid,

ngunit sa pagkakataong ito ay pareho silang may pangangailangan. Baka mawalan ng trabaho ang kuya niya kapag hindi ito nagtagumpay na madala sa lungsod ang future CEO ng *NW* in a few weeks' time, at ayaw rin niyang mawala rito ang posisyong ilang taon nitong pinaghirapan.

Isa pa ay ibibigay nito sa kanya at hindi ipapautang lang ang halagang kailangan niya kapalit ng tuluyang pagkumbinsi kay Colin na simulan na ang paghahanda nito para sa turnover.

Habang palapit sa cottage ay namataan niyang bumukas ang main door niyon. Lumabas ang isang batang babaeng nakasalamin na marahil ay sampung taong gulang. Kasunod nito ang isang matandang babaeng malusog ang pangangatawan, puti na ang lahat ng buhok na nakapusod at nakasuot ng isang bulaklaking duster. Maaliwalas ang mukha ng matanda. Maliksi rin itong kumilos.

“Magandang umaga po,” bati ni Hari habang itinutulak ang mababang kawayang pinto ng bakod. Nang makalapit sa dalawa na nakatayo sa porch ay nagmano siya sa matandang babae.

The old lady smiled. “Pagpalain ka, Hijo,” wika nito. “Pasok ka.”

Muntik na siyang matumba sa narinig. *Hijo?* Fine, matangkad siya kaysa karaniwang Filipina sa taas niyang five-eight, athletic at boyish din ang pangangatawan niya. Hindi rin halata ang balakang

niya sa suot na straight cut jeans na tinernuhan pa niya ng small size men's shirt na light pink at sneakers. Pero hindi iyon ang normal na porma niya.

Ganoon ang suot niya dahil komportable iyon sa byahe at sa lugar na pupuntahan. Ayaw naman niyang mawindang ang mga Eleazar sa quirky fashion sense niya. Pero hindi niya naisip na maaari siyang mapagkamalang lalaki!

Okay, so her voice was a bit low and well-modulated. Medyo paos din iyon sapagkat panay ang mando niya sa styling team dahil sa nagpilit siyang tumapos ng mga kailangang photo shoots nitong nakaraang dalawang araw. Bago siya pinayagang mag-leave ay talagang napasabak muna si Hari sa maraming trabaho.

“Lola, babae po ako,” sabi niya sa matanda habang nakasunod dito sa loob ng bahay.

Huminto ito at tiningnan siya mula ulo hanggang paa. “O siya, sige. Marahil ay katulad ka noong si Shi-shi ba iyon? Iyong huling nagpunta dito,” tila nakakaunawang sabi nito.

*Xian alias Shi-shi is gay!* “Babae po talaga ako!” wika muli niya, gusto nang magpapadyak. Inalis niya ang suot na baseball cap at tinanggal sa pagkakatali ang buhok, upang makita iyon ng kausap at ng batang kasama nila.

Muli ay tiningnan lang siya ng matanda bago

nito iminuwestra ang mesa. “Kumain ka na ba? Ngayon pa lang kami magsisimulang magluto para sa tanghalian. May natira pang pritong hotdogs dito at pandesal. Ipagtitimpla kita ng juice.”

Napanguso si Hari. Binuksan na lang niya ang gym bag at inilabas doon ang mga dalang sandwich rolls at potato bars. “Mayroon po akong dala dito. Pang-merienda o almusal po ito, ima-microwave na lang. Sariling recipe ko po.”

Curious na tiningnan nito iyon. “Kakaiba pero mukhang masarap. Sige, ima-*makroweb* natin iyan mamaya.” Inutusan nito ang batang babae na ilagay ang mga containers sa refrigerator. “Gusto mo bang initin ko muna ’yung mga hotdog, ha?”

Naupo ang dalaga at iniangat ang takip ng pagkain sa mesa. May limang piraso ng jumbo hotdog sa isang plato at ilang malalaking pandesal sa katabing clear plastic container. “Okay na po ito, Lola. Salamat po,” sabi ni Hari bago kumuha ng pandesal at ipinalaman iyon ng hotdog. Kumagat siya sa sandwich pagkatapos.

Iniabot sa kanya ng matanda ang isang set ng susi. “Para iyan doon sa tutuluyan mong kuwarto. Hiwalay sa bahay ang tinutuluyan ng mga nagiging bisita dito para hindi maistorbo ng mga bata.” Kinuha nito ang isang bilao na may nakalagay na bigas. “Lola Ibyang’ na lang ang itawag mo sa akin, ha? Ang asawa kong si Ikoy ay nasa bayan ngayon.

Iyong dalawang apo ko pa na sina Marcelo at Jose Andres ay nasa bukid kasama ni Colin. At ito naman si Gabriela,” pakilala ng matanda sa batang babae.

Gumanti siya ng ngiti rito. “Hari po ang pangalan ko. Harriett po ang buo kong pangalan at nasa birth certificate ko.” Lumagok siya mula sa baso ng juice. “Kaya babae po talaga ako, Lola.”

Nagkibit-balikat lang si Lola Ibyang. Nang matapos sa pagkain ay nagpaalam muna ang dalaga na aayusin ang gamit sa tutuluyang kuwarto. Pinasamahan siya ng matanda kay Gabriela, o Gaby.

“Magpahinga ka muna doon at tatawagin ka namin kapag handa na ang tanghalian,” pahabol na wika nito nang palabas na sila ng pinto ng kusina.



May dalawampung metro ang layo ng guesthouse mula sa malaking bahay. Napapaligiran iyon ng mga gumamela at santan shrubs, at ilang puno ng bayabas. Para iyong maliit na version ng main house, na may tatlong baitang na hagdanan din paakyat sa maliit na porch.

“Ikaw ba, hindi ka rin naniniwalang babae talaga ako?” tanong niya kay Gaby matapos niyang mailapag sa isang bamboo bench sa porch ang gym bag upang maayos niyang mabuksan ang pinto ng cottage.

“Mas boses-babae kasi ’yong huling nagpunta dito. ’Yung Shi-shi, ’tsaka mas maarte siyang lumakad kesa sa iyo,” sagot ng bata.

“Natural! Bading iyon, nangangarap maging babae kaya exaggerated kumilos,” aniya bago muling binuhat ang gym bag papasok ng cottage matapos mabuksan ang pinto. Napangiti si Hari sa nakita sa loob.

Isang mababang bench na gawa sa kawayan at may ilang throw pillows ang nabungaran ng dalaga. Sa harap niyon ay isang mababang mesa. Sa isang gilid ay bamboo divider na bahagyang nakatiklop at kita ang mababang kama sa kabila. Kaharap niyon ang isang aparador na gawa sa narra. Sa di-kalayuan ay isang maliit na kitchen counter at lababo, at sa tapat niyon ay pinto ng marahil ay toilet and bathroom.

“Wow, this is nice!” Inilapag niya ang mga dalang bag sa kama bago muling binalikan si Gaby na nandoon pa rin sa tabi ng pinto. “Okay, mabalik tayo sa sinasabi ko. Hindi puwedeng iisipin n’yo na lang basta na lalaki ako o bading dahil hindi talaga! Gusto mong pat—”

“Kuya! Kuya Colin!” tawag nito sa nasa labas.

*Colin?* Tinungo ni Hari ang pinto at tumabi kay Gaby. True enough, it’s Colin Eleazar in the flesh! Hubad-baro ito at mukhang isusuot pa lang ang hawak na t-shirt na kinuha lang yata sa sampayan.



Mukhang papunta ito sa main house, ngunit nang marinig ang tawag ni Gaby ay papunta na ito sa kinaroroonan nila ngayon. Ramdam ng dalaga ang magkahalong excitement at kaba.

Colin was a very good-looking man. Marahil ay may lahing banyaga rin ang ama ng binata dahil may pagka-Eurasian ang features nito. His eyes were very Asian—a bit narrow, slanting upwards and almond-shaped. Ngunit ang kabuuan ng mukha nito ay tila iniukit sa granite. His smile also revealed pearly white, perfectly lined teeth. Kung mukha pa lang ang pagbabasehan ay masasabing hindi lang ito basta guwapo, kundi guwapong-guwapo.

His body was the lean, muscular type. With rippling muscles and washboard abs.

Para itong may halo habang naglalakad dahil sa sikat ng araw. Nakasuot ito ng cargo shorts at kasalukuyang nagsusuot ng t-shirt habang palapit. Naka-ponytail ang medyo humabang buhok. Medyo pino itong kumilos ngunit malalaki ang hakbang. Derecho ang tingin nito sa kanilang dalawa ni Gaby at nakangiti.

*Talk about a smile that can literally take one's breath away.* Habang papalapit si Colin ay napapahigpit ang kapit ni Hari sa hamba ng pinto.

Bakit ganoon ang epekto ng lalaking ito sa kanya? Sanay siyang makakita ng guwapo, ng

mga machong hubad. She's used to being around men that she didn't feel even a bit nervous or uneasy whenever she's with them. Ngayon nga ay napagkamalan pa siyang lalaki. Kaya bakit tila siya nawiwindang sa presensya ni Colin?

"Kuya Colin, eto si Kuya Harry," sabi ni Gaby.

Na kaagad nagpabalik sa huwisyo niya. "I am not your Kuya Harry! Harriett ang full name at Hari as in H-a-r-i ang palayaw ko. 'Ate Hari' ang itawag mo sa akin."

Colin looked at her with interest and tolerance. "Nice to meet you, Pare. At huwag mong pilitin ang bata. Siyempre, tatawagin ka niya sa kung ano ang tingin niya ay nararapat." Iniabot nito sa kanya ang isang kamay.

"But I am really a woman!" gusto nang maiyak na sabi ni Hari bago nakipagkamay sa lalaki. His hand was big, a bit rough, and warm. His handshake was firm and brief. Itinaas niya ang mauugat na kamay na may kalakihan din, ngunit pinanatili naman niyang well-manicured palagi ang mga kuko. "Tingnan mo naman ang nail polish ko. Pearl pink! Tatawagin mo pa bang 'Kuya' kung ganyan ang hitsura ng kuko?"

Tumaas lang ang isang kilay ng lalaki. "Mahilig din sa pink iyong huling pumunta dito."

"But he's gay! Hindi ako lalaki, at lalong hindi ako bading! Huwag mo akong tatawaging 'Pare'..."

Binalingan niya si Gaby na nangingiti na sa inaakto niya. “At ikaw, huwag mo akong tatawaging ‘Kuya,’” wika niya bago parehong hinagip ang kamay ng dalawa at hinila ang mga ito papasok ng bahay. Sa gulat ay hindi na nakakilos ang mga ito. Isinara niya ang pinto.

“Patutunayan ko sa inyong babae ako.

Aba, hindi puwedeng ilang araw n’yo akong makakasama dito pagkatapos ganyan pala ang tingin n’yo sa akin.” Tinungo niya ang kama at inilabas ang pinaglagyan niya ng ilang set ng kanyang mga underwear. Itinaas niya ang isang pink bikini na may heart prints, pati ang katerno nitong bra. “Eto, isinusuot ko ito, okay?”

Tila naalarma namang tiningnan siya ni Colin. Bahagya itong umatras.

“Ang cute naman ng mga iyan,” komento ni Gaby.

“And I’m wearing one of these right now.”

Binitawan niya ang mga hawak at walang babalang inilaylay ang t-shirt sa isang balikat, para makita ang manipis na double straps ng kanyang bra.

Halatang hindi inaasahan ni Colin ang ginawa niya. Pagtingin ni Hari ay nakatulala ang lalaki sa kanya. Bahagyang namumula na rin ito. Sinamantala niya iyon upang dagdagan pa ang mga patunay rito na babae siya. “At wala akong Adam’s apple, okay? Wala din akong balbas at bigote,

at huwag kang umasang tutubuan ako niyon bukas o sa mga susunod na araw dahil hindi iyon mangyayari.” Inilapit niya ang mukha rito bago muling lumayo.

Napalunok ito at muling napaatras. Nasisiyahang ngumiti siya bago hinapit ang t-shirt sa katawan upang makita ang katiting na curves niya. “May balakang ako, hindi lang halata. At meron din akong... hinaharap, ’no! Hindi nga lang din halata.”

Tiningnan niya si Gaby, na alam niyang nakukumbinsi na niya. Kinuha niya ang isang kamay nito at inihawak iyon sa kanyang dibdib. “Ayan, hawakan mo, huwag mong didiinan, ha?” aniya, pagkuwan ay tumingin kay Colin. Paatras na ito nang paatras sa pinto at mukhang kakaripas na ng takbo anumang sandali. “Para lang patunayan sa inyo na hindi iyan padding lang. At alam kong hindi nagsisinungaling ang mga bata.”

Marahang hinawakan ni Gaby ang kanang dibdib niya. “Totoo ngang meron,” sabi nito bago binalingan si Colin. Na sa pagkagulat marahil sa pinaggagawa niya ay mukhang hihimatayin na. “Babae talaga siya, Kuya.” Tumingin sa kanya ang bata. “Sorry, Ate. Nasanay kasi kaming puro lalaki ang nagpupunta dito. At mahirap na din kasing malaman ngayon kung sino ang lalaki at kung sino ang babae.”

Umirap siya. “Oo na, sige na.” Kinuha niya sa bag ang passport. “Ayan, tingnan n’yo iyan. Hindi naman siguro magsisinungaling ang passport, di ba?” Iniabot niya iyon kay Colin, na tiningnan naman nito. Maingat na kinuha nito ang passport.

“Mukha kang babae sa passport mo,” mahinang sabi nito, nangungunot ang noo.

“Dahil babae ako!” Asar na hinablot ni Hari mula sa kamay nito ang pasaporte.

“Why would they send a woman here?”

Napailing ito.

“Dahil gahol na sa oras ang kompanya at wala nang ibang gustong pumunta dito. Ako na lang ang natitira.” Tinaasan niya ito ng kilay. “Alam ko ang pinaggagagawa n’yo sa mga naunang nagpunta dito. Subukan n’yo lang gawin iyon sa akin at tingnan natin kung sino sa atin ang unang susuko.”

He looked at her warily. “All right, Hari. Miss Hari. Apologies for thinking you’re a man. I actually knew, even from afar, that you’re a woman. Pero gusto ko lang makasiguro. Mahirap na.” He then flashed her a very shy smile. “Welcome to the farm, then.”

Tiningnan niya ito nang mataman. “Thank you. So where are you going after this?”

Takang tiningnan siya ng binata. “Sa bahay para kumuha ng pagkain at dalhin iyon sa bukid. Why?”

Napatango siya. “Sasama ako. At gusto ko ring

malaman mo na hanggang naririto ako, sasama ako kahit saan ka pumunta maliban sa CR at sa kuwarto mo. Okay?”



# Chapter Three



“Lola, nasaan na po si Colin?” tanong ni Hari kay Lola Ibyang na abala sa pagbabalat ng saging na saba na imamatamis. Bumalik sa Victorian cottage si Colin kasama si Gaby habang ang dalaga ay naging abala sa pag-aayos ng kanyang mga gamit. Nagpalit na rin muna siya ng damit bago nagbalik sa main house.

“Nagpunta na sa bukid. Nakita niya iyong mga dala mong pagkain na ang s’abi ko ay *imakroweb* lang. Ininit muna niya at iyon na ang dinala. Ihahabol na lang namin ni Gaby itong adobo at saging pag naluto na,” sagot ng matanda na sinenyasan siyang maupo muna.

“Umalis na po? Naman, eh! S’abi ko sasabay ako sa kanya papunta sa bukid,” maktol niya.

Natawa ito. “Pasensya na at may pagkatorpe ang isang iyon pagdating sa mga babae. Sa sobrang hiya ay umiiwas na lang. Nagulat yata sa pagdating mo.” Napailing ang kausap niya.

Ngumiti si Hari. “Naniniwala na po kayong babae ako?”

Nakangiting tumango lang si Lola Ibyang.

Kinuha niya ang sangkalan at kutsilyo at siya na ang naghiwa ng mga nabalatang saging. “Ako ho

ang ipinadala ng kompanya dahil mga busy na po iyong ibang consultant. Huwag po kayong mag-alala. Sanay po ako sa mga gawaing-bahay dahil sa bukid din ako lumaki kaya hindi po ako magiging pabigat.”

“Kakaiba ka, Hija,” nagtataka ngunit halatang natutuwang sabi ng matanda. “Napansin ko ngang parang napakagaan ng mga kilos mo at parang sanay ka na sa ganitong buhay.” Ngumiti ito.

“Pagpasensyahan mo na lang si Colin at iniwan ka na lang pala basta. Torpe talaga ang batang iyon.”

“I don’t get it. Iyong guwapong iyon, torpe?” di -makapaniwalang saad niya. “Pero hindi naman siya nahihiya sa akin kanina.”

“Hindi pa naman kasi sigurado si Kuya kanina kung babae ka, Ate,” natatawang singit ni Gaby. “Pero hindi mo ba napansin, pagkatapos niyang makita ang bra mo, parang namutla at gusto nang lumipad palayo.”

“Naikuwento nga ni Gaby ang ginawa mo, Ineng. Naku! Ikaw talaga. Bahala ka ngayon dahil mahihirapan kang hagilapin siya,” natatawang sabi ni Lola Ibyang.

“Desperado ho kasi akong patunayan na babae ako. Naman! Hindi ho puwedeng matapos ang araw na ito na ‘Hijo’ ang tawag n’yo sa akin, ‘Kuya’ ang tawag ni Gaby at ‘Pare’ naman ang bansag ni Colin.” Umingos ang dalaga. “Akala ko s’abi niya



sa akin kanina, alam niyang babae talaga ako at naniniguro lang?”

Ngumisi si Gaby. “Palusot lang iyon ni Kuya. At saka para matapos na din ang usapan n’yo at makaalis na siya. Kanina nga pagdating dito at habang hinihintay niyang tumunog ang microwave oven, hindi siya mapakali. Gusto na makaalis agad.”

“Ang sama niya! Puwes, ako ang magdadala ng mga pagkain sa bukid!” deklara niya. *Sira-ulong Colin iyon, ah!* Akala yata nito ay ganoon kadalang takasan si Hari.



Pawisan at hinihinal na sa pagod si Hari nang mamataan niya ang grupo ni Colin na nagkakatipon sa isang clearing sa ilalim ng mayayabong na puno ng mangga. Marahil ay may labindalawang katao ang kasama roon ng binata, karamihan ay mga teenager na babae at lalaki. May dalawang nakatatandang lalaki roon at dalawang batang marahil ay pitong taong gulang.

Naikuwento sa kanya nina Gaby at Lola Ibyang na mula November hanggang summer ay mga gulay ang tanim sa bukid. Ngayong summer ay katatapos lang ng ikalawang batch ng mga inani. Alternate ang schedule ng pag-harvest at ng pagbabalot ng mga gulay na idine-deliver sa ilang supermarket at palengke kung saan nagsu-supply

ang farm. Dahil summer ay may ilan ding anak ng mga farmhands ang nagtatrabaho roon bilang tagabalot at taga-deliver ng mga produce.

At the moment, they were all busy chatting while they were putting produce into small plastic bags or baskets. Si Colin ay mukhang at ease sa mga ito at nakikipagtawanan pa. Mayroon sigurong limang babaeng teenagers na naroon, ngunit mukhang okay naman sa mga ito ang lalaki. Ano iyong sinasabi ni Lola Ibyang at ni Gaby na torpe raw ito?

Naiiling na ibinaba muna ni Hari ang hawak na dalawang picnic basket. Dapat ay kasama niya si Gaby ngunit pinaiwan na niya ito dahil walang kasama sa bahay si Lola Ibyang. Sinabihan siya ng matanda na maaari niyang gamitin ang isang *Ford* pick-up sa garahe, ngunit pinili niyang lakarin na lang ang patungo sa bukid. Matapos punasan ang pawis gamit ang dalang face towel ay muli niyang binuhat ang mga basket. Wala pang nakakapansin sa kanya dahil may sampung metro pa yata ang layo niya mula sa grupo.

Hanggang sa isang teenager ang nagturo sa kanya kay Colin. Kahit malayo pa siya ay kita niya ang pamumula nito. Ilang sandali itong tila napako sa kinatatayuan, bago inilang hakbang ang distansya sa pagitan nila at mabilis na kinuha sa kanya ang mga basket.

“Bakit ikaw ang nagdala nito?” kunot-noong tanong ng binata.

“Dahil hindi kaya ng konsyensya kong sina Lola o Gaby ang magdadala nito, 'no!” sagot ni Hari habol ang hininga.

“Sana may nag-text na lang na ready na pala ang mga ito at nang naipakuha ko na lang,” naiiling na sabi nito. Tumingin ito sa direksyon ng grupo. “Tara, kumain na tayo doon. Luto na rin ang kanin.”

Ini-stretch muna ni Hari ang mga braso bago sumunod dito. Sinalubong siya ng curious na tingin ng mga taong naroon. Inilapag ni Colin ang mga basket ng pagkain sa isang mahabang mesa bago inilabas ang mga container. Tumulong siya sa pag-aayos niyon. Napansin niyang bahagyang lumayo ang lalaki at tila umiiwas na madikit man lang sa kanya.

Tumaas kaagad ang kilay ng dalaga. Ano ang problema nito? Naiiling na pinagbubuksan niya nang bahagya ang mga lalagyan ng adobo at minatamis na saging.

“Okay na ang mga ito. Kumain na tayo,” aniya.

Saglit na tiningnan siya ni Colin bago hinarap ang mga kasama, na nakatingin pa rin sa kanila. “Ito nga pala si Hari. Bisita namin siya at tutuloy muna sa bahay nang mga ilang araw.”

“Ang lakas mo naman, Hari. Biruin mong

kinaya mong buhatin mula bahay hanggang dito ang mga basket na ito?” naiiling pero halatang impressed namang sabi ng isa sa may-edad nang lalaki roon na nakilala niyang si Mang Rey.

“Hindi ko nga alam kung bakit hindi na lang hinintay nitong si Colin na maluto ang mga iyan. Nahirapan ka tuloy,” wika ng isa pang katiwala roon na si Mang Cesar.

Sinulyapan niya si Colin. “Hindi ko rin nga ho alam kung bakit umalis agad ang isang ito, kahit sinabi ko kanina na sasabay ako sa kanya.”

“Hala, Kuya! Umiral na naman ang pagkatorpe mo!” kanyaw rito ng nakababatang mga kasama nila roon.

“Pasensya na, Ate. Sobrang torpe niyang si Kuya na hindi niya alam kung paano aakto sa harap ng mga babae... well, ng mga dalaga tulad mo,” nakangising turan ng isa sa mga dalagita na nakilala niyang si Dina.

“Maniwala ako sa inyo. Pumasok nga siya ng guesthouse kanina habang naroon ako,” sabi niya sa mga ito, na namilog ang mga mata at lalong kinantayanan si Colin.

“Hala, Kuya! Paano mo nagawa iyon? Nakapasok ka ng guesthouse habang naroon siya? Hindi ka hinimatay?” tanong ng isang binatilyo. Nagtawanan tuloy ang lahat.

Kunot-noong tiningnan ito ni Colin, ngunit

di man lang natinag ang nakababatang lalaki.

“Kasama namin si Gaby sa guesthouse, at nakapasok lang naman ako doon dahil bigla niya akong hinila sa loob.”

Lalo lang natawa ang lahat sa sinabi nito.

“Kailangan ka pa palang daanin sa dahas, Kuya!” wika ng isa pang binatilyo.

“Kaya hindi siya gaanong ilag kanina kasi ang akala niya, lalaki ako... o bading,” naiiling na sabi ni Hari sa mga ito, na mukhang mga hindi makapaniwala. “Seryoso!” Itinaas pa niya ang kanang kamay. “Hindi ko rin siya masisisi kasi puro lalaki ang naunang ipinadala dito ng office nila, at ’yung huli naman, bading. So akala yata niya bading din ako kung di man lalaking medyo long hair lang.” Natawa siya. “Tapos ganito pa ang boses ko.”

“Ineng, kung naging anak kita ay ako ang maiinsultong napagkamalan kang lalaki o bakla nitong si Colin. Naku...” naiiling na saad ni Mang Cesar.

“Kuya Colin! Ang sama mo! Girl na girl kaya si Ate Hari! Mukha lang pang-anime ang gupit,” natatawang turan ng isa pang dalagita.

“Eh, matangkad ka kasi, Ate, t’saka payat,” wika ng isang batang lalaki na nakilala niyang si Marcelo.

“Maganda ka po, Ate,” anang katabi nitong

bata na si Jose Andres, or Joey. Nginitian ni Hari ang mga ito. The kids were cute, parang mahirap paniwalaang ang mga ito ang tinutukoy na mga 'demonyong bata' ng mga naunang consultants. "Hindi ka po mukhang lalaki, Ate," dagdag pa nito.

"Thank you! At dahil d'yan, ipagbe-bake kita bukas ng cookies!" natutuwang sabi niya bago hinarap din ang iba pa. "Kayo din, ipagbe-bake ko. Nakain n'yo ba iyong dala daw ni Colin kanina na sandwich rolls at potato bars? Ako ang gumawa n'on!" pagmamalaki niya. Binalingan niya si Colin, na matamang nakatingin sa kanya. "Ano, nagagandahan ka na rin sa akin?"

Nagtawanan ang lahat sa tanong niya. Habang ang binata naman ay kaagad na namula. "Kukunin ko lang 'yung kaldero ng kanin doon," mahinang sabi nito bago tinungo ang kinalalagyan ng malaking kaldero ng kanin sa ibabaw ng isang lutuang bato.

"Hala, kayo kasi, tawa kayo nang tawa. Mahiyain na nga iyong tao, inaasar n'yo pa," sita niya sa grupo.

"Sanay na iyan sa amin, Ate Hari. "Tsaka totoo namang torpe siya. Minsan nga isinasama namin dito ang mga kilala naming dalaga para ireto kay Kuya, pero lahat mga napagod nang maghintay kasi super torpe niya. Ang dami kayang may crush sa kanya," kuwento ng isang binatilyo na si Kenneth.

“Type mo ba siya, Ate?” nang-iintriga pang tanong ng isang binatilyo. Lahat ay napatingin tuloy sa kanya.

“Oo naman!” walang kakurap-kurap na sagot niya. “Magpapa-demure effect pa ba ako, eh, kahit sinong matinong babae ay magugustuhan siya. Tingnan mo naman ang hitsura ni Colin Eleazar.” Iminuwestra ni Hari ang kamay sa direksyon ng binata na noon ay palapit, buhat nito ang isang malaking kaldero ng kanin. Namumutok ang lean muscles sa braso nito dahil sa dala nito. *Oh-lala...*

“Guwapong-guwapo, matipuno, matangkad, mabait, matalino... macho.... Tingnan mo naman ’yung muscles niya, hindi ’yung tipong batu-bato pero mukhang kayang harapin ang sampung goons at rapiduhin ng suntok. O kaya bumunot ng isang buong puno ng mangga...”

Ang lakas ng tawanan ng lahat sa mga pinagsasabi niya. Hindi pa nagtatagal sa farm si Hari, pero nag-e-enjoy na siya roon. Tiningnan niya si Colin na noon ay kalalapag lang ng malaking kaldero.

“Kain na tayo,” paanyaya nito sa lahat.

Ilang saglit lang ay masayang nagkakainan na sila. Lahat ay panay ang tingin dahil tinabihan niya si Colin na tila nako-conscious at hindi makakain nang maayos.

Samantalang si Hari ay magana sa pagkain.

Nakadalawang pinggan din siya bago tinantanan na ang pagkain dahil nahihiya naman siyang maubusan ang iba. Tatayo na sana siya para kumuha ng minatamis na saba nang mapansing halos napapangalahati pa lang ni Colin ang kinakain nito.

“Okay ka lang ba, Colin?” kunot-noong tanong niya.

Tumango lang ito, hindi tumitingin sa kanya. Itinuloy nito ang pagkain. Maliliit ang mga subo nito at mahinhin din itong ngumuya. Tila nababalisa ito na hindi niya maunawaan.

Hindi alam ng dalaga kung maawa o matutuwa. Colin was behaving like a five-year-old boy having a crush on someone for the first time! And he was like, what, twenty-nine?

Uminom muna ng iced tea si Hari bago sinimulang amuy-amuyin ang sarili. Ramdam niya ang pagsulyap-sulyap ni Colin, tila nagtataka sa ginagawa niya. “Ano? Mabaho ba ako? Nangangamoy-pawis? Baka kasi masama pala ang amoy ko kaya hindi ka makakain nang maayos diyan. Wait, tatayo na nga lang ako at lalayo.”

“Tapos ka na bang kumain?” mahinang tanong nito.

“Magde-dessert na lang ako, but I guess I can eat that standing up,” sagot niya.

“Stay put. Huwag mo akong intindihin. Kumuha



ka ng dessert mo at kumain ka dito,” sabi nito bago muling hinarap ang pinggan.

She sighed. “You know... why don’t you drink first?” Kinuha ni Hari ang baso ng iced tea sa harap nito at iniumang iyon sa mga labi nitong napaawang. “Inom muna, baka mahirinan ka.”

Tahimik na kinuha ni Colin ang baso, at tila ingat na ingat na madikit ang mga daliri sa kamay niya. Nang makita niyang napangalahati nito ang baso nang ibaba nito iyon sa mesa ay alertong hinila niya ang pinggan nito, kinuha ang mga ginagamit nitong kutsara at tinidor, at siya na ang kumuha ng kanin at ulam, at iniumang iyon sa bibig nito.

“Kaya kong kumain nang mag-isa, Hari,” nahihiyang saad nito.

“Lahat nagde-dessert na; ikaw, nasa kalahati pa lang nitong pagkain mo. Open up,” aniya at hindi talaga inalis ang kutsarang may lamang kanin at ulam sa tapat ng bibig ng lalaki.

Ilang sandaling tiningnan lang siya nito bago tahimik na ibinuka ang bibig. Napangiti ang dalaga habang pinagmamasdan ang katabi na ngumuya saka lumunok. Hindi na niya ibinalik kay Colin ang pinggan dahil siya na ang nagpakain dito, na wala nang nagawa kundi ang hayaan siya.

At namumula ito habang ginagawa niya iyon. Hindi makapaniwala si Hari na ang isang lalaking

katulad nito ay ganoon kamahiyain. And only with women? Hindi niya maintindihan iyon. Nakakatawa, pero nakakaaliw.

Nagpunta siya rito sa Angat na ang tanging plano lang ay kumbinsihin si Colin na harapin na ang mga paghahanda para sa turnover. Ngunit ngayong mas nakikilala niya ang binata ay tila may iba pa siyang dapat gawin, at iyon ay ang tulongang alisin ang pagkamahiyain nito.

Napangiti siya habang minamasdan ito sa pag-inom ng iced tea. Mukhang mae-enjoy niya talaga ang susunod na mga araw kasama ang lalaking dungo.



Kinahapunan, habang naglalakad pabalik sa bahay ay tahimik sina Colin at Hari. Tig-isa sila ng basket na dala. Derecho ang tingin ng lalaki sa nilalakaran nila. Ni hindi ito tumitingin sa kanya.

She tried to match his pace. “Hello, may kasama ka po. Bagalan mo naman nang kaunti at hindi ako makasabay.”

Hiyang-hiya at namumula ito nang tumingin sa kanya. “I’m sorry. Nasanay kasi akong umuuwi at naglalakad nang mag-isa.”

“Well, narito ako sa mga susunod na araw at sisiguruhin kong hindi ka muna mag-iisa, papunta at pauwi galing sa farm. Kaya ikondisyon mo muna iyang utak mong may isang maganda, maingay at

makulit na babaeng laging nasa tabi mo for the next week, okay?” Ngumiti siya rito.

Napabuntong-hininga ito. “Sa tingin ko naman ay wala na akong magagawa kung kailangan mong manatili dito pansamantala.” Napailing ito. “Gawin mo ang dapat mong gawin.”

“I should say the same thing to you, Mr. Eleazar.” Lumapit pa siya at kumapit sa matipunong braso nito. *Hmm... feels good!* “Relax. I had to hold you like this so you won’t go away and leave me again. Gaya ng kanina.”

That made him look her way, and not just look, but stare. Hindi sigurado si Hari kung naghahamon ba ang tingin na iyon o tipong nakikiusap. His eyes were rather... sad. It was as if they carry some sort of pain, or was it fear? Hindi niya iyon mawari. Para tuloy gusto niya itong yakapin nang mga sandaling iyon, upang mapalis ang kung anumang lungkot, sakit o takot na nararamdaman nito.

And that urge was somehow making her really nervous.

